**Modyul 8 – Pagkaka-utang** **ACTIVITY SHEET 8 – 7**

**Pagsasadula ng Papel ng Paniningil**

**Papel ng isang boluntaryo**

Ang isang boluntaryo ay nagkunwaring dumampot ng telepono at sagutin ito. Ang kanilang papel ay sumagot sa maniningil na tumatawag sa kahit anupamang paraan na sa palagay nila ay tama.

**Skrip ng maniningil** (bigkasin ito ng mabilis na may konting pwersa)

- Nandiyan po ba si (pangalan)?
- Ako po ay tumawag upang ipaalam sa inyo ang isang hindi pa nasisingil na utang na nagkakahalaga ng $________________________.
- Kailangan ninyong bayaran ito ng buo kaagad.
- Kung hindi ninyo ito mabayaran ng buo ay isusumbong namin kayo sa Credit Bureau at patuloy na masisira ang inyong kasaysayan ng pangungutang.
- Maari rin kaming mapilitan na magsimulang gumawa ng isang legal na hakbang at sa kahit anong oras kayo ay papapanagutin na magbayad ng di pa nababayarang kakulangan/balanse at anumang karagdagang halagang napapaloob sa pagsingil ng gayung kakulangan/balanse pa.
- Handa akong tumanggap ng kabuuang bayad ngayong araw na ito para malutas ang ganitong sitwasyon.

**Mga tips para sa pag-imbento ng mga sasabihin**

- Kung ang boluntaryo ay mag-alok na magbayad ng bahaging bayad, hingin ang pinakamataas na halagang maari nilang ialok.
- Mag-imbento ng mga isasagot sa taong may utang para patuloy siyang magipit hanggang sa magtagumpay ka iyong tangkang paniningil.
- Maari mo pa ngang piliing gawin ang mga bagay na hindi pinahihintulutan sa mga maniningil na gawin nila para makita mo kung may reaksyong magaganap mula sa grupo.